

ASIGNATURA:	Edukasyon sa Pagpapakatao	BAITANG:	3
MARKAHAN:	Una	PANGKAT:	
PAMANTAYAN SA PAGKATUTO:	Nakagagawa ng mga wastong kilos at gawi sa pangangalaga ng sariling kalusugan at kaligtasan Nakahihikayat ng kapwa na gawin ang dapat para sa sariling kalusugan at kaligtasan	CODE:	EsP3PKP- le – 18 EsP3PKP- If – 19

Pangalan: _____ Petsa: _____

GAWAIN 5

Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na pahayag. Piliin at isulat sa sagutang papel ang titik ng pinakatamang sagot.

- Alin sa mga sumusunod ang HINDI tamang gawi upang maging ligtas mula sa karamdaman?
 - Kumain lagi nang marami.
 - Panatilihing malinis ang katawan.
 - Mag-ehersisyo nang tama araw-araw.
- Anong pangunahing ahensiya ng pamahalaan ang nagtataguyod ng mabuting kalusugan at kaligtasan ng mga mamamayan.
 - Kagawaran ng Edukasyon
 - Kagawaran ng Kalusugan
 - Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad

3. Aling programa ng Kagawaran ng Edukasyon ang ginagawa taon-taon bago magsimula ang pasukan upang maging malinis at kaaya-aya ang bawat silid sa paaralan.
- A. Brigada Eskwela
 - B. Every Child A Reader
 - C. Adopt-A-School
4. Si Alex ay hindi kumakain ng mga gulay at prutas. Gustong-gusto niyang kumain ng tsitsirya at uminom ng softdrinks. Ano ang maaaring mangyari sa kanya?
- A. Magkakasakit siya.
 - B. Lalaki siyang masigla at bibo.
 - C. Lalo siyang lalakas at tatangkad.
5. Alin sa mga sumusunod ang magandang bunga ng pangangalaga sa sariling kalusugan at kaligtasan?
- A. Pagiging maayos at malusog ang pangangatawan
 - B. Pagkakaroon ng magandang kinabukasan
 - C. Pagkamit ng maraming gantimpala'
6. Alin sa mga ito ang pipiliin mong kainin sa recess kung gusto mong maging malusog?
- A. Kendi na matamis
 - B. Sopas na may gatas
 - C. Popcorn na maalat
7. Si Yan-yan ay hindi palakain ng prutas at gulay. Gusto lang niya ng tsitsirya at softdrinks. Ano ang maaaring mangyari sa kanya?
- A. Mabilis siyang lalaki.
 - B. Siya ay tatalino.
 - C. Siya ay magkakasakit

8. Si Alex ay laging umiinom ng walong basong tubig kada araw. Tama ba ang ginagawa niya?

A. Hindi po.

B. Tama po.

C. Siguro po.

9. Kailan ipinagdiriwang ang Buwan ng Nutrisyon?

A. Tuwing Hunyo

C. Tuwing Agosto

B. Tuwing Hulyo

10. Bakit kailangang kumain ng gulay at prutas ang mga bata?

A. Para maging masaya ang nanay.

B. Upang mas maging malakas ang katawan.

C. Para mabigyan ng premyo kapag naubos ito.